Dokumento ng Impormasyon: Aplikasyon ng CEMEX para sa Pagpapahintulot ng Air District # 28001

Ang Dokumento ng Impormasyon na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng iminungkahing pagbabago sa pahintulot para sa Aplikasyon ng CEMEX para sa Pagpapahintulot ng Air District # 28001 (Pagbabago ng Pahintulot) at nagbubuod ng mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pagsusuri sa pagpapahintulot ng Air District at ng pagsusuring pangkapaligiran na isinagawa alinsunod sa Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA). Nagbibigay din ito ng mga pangunahing natuklasan mula sa Pagsusuri sa Pagpapahintulot ng Air District at ng Draft na Paunang Pag-aaral/Negatibong Deklarasyon (Initial Study/Negative Declaration, IS/ND). Panghuli, ipinaliliwanag nito kung paano makakapagbigay ng komento ang publiko sa Draft ng IS/ND.

Background

Ang CEMEX Construction Materials Pacific, LLC (CEMEX) ay isang umiiral na pasilidad na nagpapatakbo ng concrete batch plant sa Pier 92 sa San Francisco. Ang pasilidad ay tumatanggap ng mga aggregate, semento, at cement supplement (flyash) para makagawa ng ready mix concrete. Ang pasilidad ay nagdadala ng materyal sa pamamagitan ng trak at barge. Gumagamit ang pasilidad ng parehong proseso ng truck-mixing batch at proseso ng central-mix batching.

Isinumite ng CEMEX ang Aplikasyon # 28001 para madagdagan ang dami ng buhangin at aggregate na maaari nitong dalhin sa pamamagitan ng barge. Sa kasalukuyan, pinapahintulutan ang CEMEX na magdala ng 60,000 tonelada kada taon (TPY) ng buhangin sa pamamagitan ng barge, pero hindi ito pinapahintulutan na magdala ng aggregate sa pamamagitan ng barge. Gayunpaman, pinapahintulutan itong magdala ng 389,375 TPY ng buhangin at 389,375 TPY ng aggregate sa pamamagitan ng trak. Gusto ng CEMEX na madagdagan ang dami na maaari nitong dalhin sa pamamagitan ng barge sa 235,572 TPY ng buhangin at magdala ng 153,803 TPY ng aggregate. Binubuod ito sa Talahanayan 1 sa ibaba:

Talahanayan 1. Buod ng Kasalukuyang Limitasyon at Iminungkahing Pagbabago

	Materyales na Dinadala ng Trak	**Materyales na Dinadala ng Barge**	**Kabuuang Produksyon**
Kasalukuyang Limitasyon	389,375 TPY ng buhangin; 389,375 TPY ng aggregate	60,000 TPY ng buhangin; 0 TPY ng aggregate	934,055 TPY ng concrete
Iminungkahing Limitasyon sa Aplikasyon # 28001	Walang Pagbabago	235,572 TPY ng buhangin; 153,803 TPY ng aggregate	Walang Pagbabago
Dami ng Pagtaas	Walang Pagbabago	175,572 TPY ng buhangin; 153,803 TPY ng aggregate	Walang Pagbabago

Tulad ng ipinapakita sa itaas, ang kabuuang produksyon ng pasilidad ay limitado na sa 934,055 TPY, at hindi ito babaguhin kung maaprubahan ang aplikasyon. Mapapataas nito ang kakayahang umangkop sa pagpapatakbo ng CEMEX, pero hindi ang limitasyon ng produksyon nito. Dahil dito, mananatiling nalilimitahan ang pasilidad sa kabuuang limitasyon ng produksyon, gayundin sa mga limitasyon sa throughput sa mga pinagmumulan ng downstream na nagiging sanhi ng bottleneck.

Ang pag-apruba sa aplikasyon ay magpapahintulot sa operasyon ng CEMEX na mangailangan ng mas kaunting biyahe ng trak para maghatid ng buhangin at aggregate.

Ang CEMEX ay nagdadala ng mas maraming buhangin at aggregate na dinadala sa pamamagitan ng barge. Pinayagan ito ng Air District habang sinusuri ang aplikasyon dahil ang CEMEX ay legal na pinapahintulutan na magdala ng ganoong dami ng buhangin at aggregate sa pamamagitan ng trak. Dahil dito, kung ipinatupad ng Air District ang pananatili ng CEMEX sa mga pinapahintulutang limitasyon, mas maraming materyales sana ang naihatid sa pamamagitan ng trak, na magdudulot ng mas mataas na polusyon mula sa mga trak na pinapatakbo ng diesel sa mga lansangan ng komunidad.

Mga Kinakailangan sa Pagpapahintulot ng Air District kumpara sa CEQA

Ang aplikasyong ito ay napapailalim sa dalawang magkatulad pero magkaibang uri ng pagsusuri ng regulasyon: ang proseso ng pagsusuri ng aplikasyon ng Air District at ang CEQA. Tulad ng ipinaliwanag sa ibaba, may iba't ibang layunin ang mga prosesong ito at samakatuwid ay nakatuon sa iba't ibang bagay ang kanilang mga pagsusuri.

Proseso ng Pagsusuri ng Aplikasyon ng Air District/Mga Kinakailangan sa Pagpapahintulot

Dapat tiyakin ng Air District ang pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa kalidad ng hangin ng Air District, estado, at pederal na pamahalaan bago magbigay ng pahintulot. Naghahanda ito ng Pagsusuri ng Pahintulot, na nagdodokumento ng pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Karaniwang limitado lang ang pagsusuri nito sa mga pinagmumulan ng emisyon na saklaw ng awtoridad sa regulasyon ng Air District. Kabilang dito ang mga hindi gumagalaw na pinagmumulan, tulad ng mga sistema ng conveyor at hopper, pero hindi kasama ang mga gumagalaw na pinagmumulan, tulad ng mga trak o loader. Tinutukoy nito ang mga bagay tulad ng kung ang aplikasyon ay nag-uudyok ng Pinakamahusay na Available na Teknolohiya sa Pagkontrol (Best Available Control Technology, BACT), mga offset, o pagtatasa ng panganib sa kalusugan (health risk assessment, HRA), alinsunod sa mga regulasyon ng Air District.

Bukod pa rito, bago magbigay ng pahintulot na may diskresyon, dapat sumunod ang Air District sa CEQA at dapat nitong kompletuhin ang anumang kinakailangang pagsusuri ng CEQA.

Mga Kinakailangan sa Pagsusuri ng CEQA

Ang CEQA ay isang batas na nangangailangan sa mga tagapagpasya na isaalang-alang ang mga epekto sa kapaligiran ng isang proyekto bago ito aprubahan. Ipinagbabawal din nito ang pag-apruba ng isang proyekto na may malaking epekto sa kapaligiran kung may mga magagawang alternatibo o hakbang sa pagpapagaan. Kinakailangan ng CEQA ang pagsasaalang-alang sa proyekto sa kabuuan, kaya saklaw ng mga pagsusuri nito ang mga epekto mula sa lahat ng pinagmumulan, kabilang ang mga gumagalaw na pinagmumulan kung saan walang awtoridad ang Air District. Ang pagsusuri nito ay mas malawak kaysa sa kalidad ng hangin—nangangailangan ito ng pagsusuri ng iba't ibang potensyal na epekto sa kapaligiran tulad ng mga epekto sa hitsura, biyolohiya, kalidad ng tubig, at kultura, bilang ilan lang. Alinsunod sa CEQA, ang Air District ay

naghanda ng Draft na Paunang Pag-aaral/Negatibong Deklarasyon (IS/ND). Kasama sa pagsusuri nito ang paghahanda ng isang HRA.

Pangunahing Natuklasan sa Pagsusuri ng Pahintulot

BACT

Alinsunod sa Regulasyon 2-2-301, kinakailangan ang BACT para sa anumang bago o binagong pinagmumulan na may potensyal na maglabas (potential to emit, PTE) ng isang pinapangasiwaang pollutant sa hangin na katumbas o higit sa 10 lb/araw. Ang sistema ng conveyor para sa barge ang tanging binagong pinagmumulan. Para sa layunin ng BACT, ang tanging emisyon mula sa sistema ng conveyor para sa barge ay PM_{10} at $PM_{2.5}$.[1] Tulad ng ipinapakita sa Talahanayan 2, ang PTE para sa sistema ng conveyor para sa barge ay hindi lalampas sa 10 libra/araw para sa alinman sa PM_{10} o $PM_{2.5}$. Kaya, hindi nag-uudyok ng BACT.

Talahanayan 2. Pagtukoy ng BACT

Pollutant	Threshold na Nag-uudyok ng BACT (max na libra/araw)	Maximum na Dami ng Emisyon Kada Araw (libra/araw)	Nag-uudyok ba ng BACT?
PM_{10}	10	1.546	Hindi
$PM_{2.5}$	10	0.470	Hindi

Mga Offset

Kinakailangan ng mga pasilidad na mag-offset ng emisyon para sa ilang pollutant kung lumampas ito sa mga threshold na itinakda ng Regulasyon 2-2-302 at 2-2-303. Tulad ng ipinapakita sa Talahanayan 3, ang mga offset ay nauudyok para sa mga emisyon ng NOx; 26.803 tonelada ng NOx credit ay ibibigay ng Small Facility Banking Account ng Air District.

Talahanayan 3. Pagtukoy ng Mga Offset Batay sa Kabuuang Pagtaas

Pollutant	Threshold na Nag-uudyok ng Mga Offset (tonelada/taon)	Kabuuang Pagtaas (tonelada/taon)	Nag-uudyok ba ng Mga Offset?
POC	10	1.242	Hindi
NOx	10	26.803	Oo
SO_2	100	0.534	Hindi
$PM_{2.5}$	100	1.844	Hindi
PM_{10}	100	11.514	Hindi

[1] Alinsunod sa Regulasyon 2-2-210, ang mga pollutant na saklaw ng BACT ay: Mga precursor organic compound (POC), non-precursor organic compound (NPOC), oxide of nitrogen (NOx), sulfur dioxide (SO_2), PM_{10}, $PM_{2.5}$, at carbon monoxide (CO).

HRA/TBACT

Ang regulasyon ng Air District sa mga nakalalasong pollutant sa hangin (toxic air contaminant, TAC) ay nakasaad sa Regulasyon 2, Panuntunan 5. Ayon sa Regulasyong ito, kailangan ng HRA para sa bago o binagong pinagmumulan kung ang mga emisyon ng TAC ay lumalampas sa mga threshold na nakasaad sa Talahanayan 2-5-1.

Sa ilalim ng mga regulasyon ng Air District, ang respirable crystalline silica ang tanging kaugnay na TAC,[2] kaya't tinukoy ng Air District kung ang mga emisyon ng respirable crystalline silica ay sapat na mataas para mag-udyok ng paghahanda ng HRA. Tulad ng ipinapakita sa Talahanayan 4, ang mga emisyon ng respirable crystalline silica ay mas mababa sa threshold ng Regulasyon 2-5 na nag-uudyok para sa HRA. Kaya, walang kasamang HRA sa Pagsusuri ng Pahintulot (gayunpaman, tulad ng tinalakay sa ilalim ng Mga Pangunahing Natuklasan ng CEQA, isang HRA ang isinagawa para sa IS/ND). Dagdag pa, batay sa mababang emisyon, hindi ito nag-uudyok ng Pinakamahusay na Available na Teknolohiya sa Pagkontrol para sa Mga Nakakalason (Best Available Control Technology for Toxics, TBACT). Ang mga emisyon na masyadong mababa para mag-udyok ng HRA ay masyadong mababa para mag-udyok ng TBACT.

Talahanayan 4. Pagtukoy ng HRA Batay sa Mga Emisyon ng TAC ng Respirable Crystalline Silica

Pollutant	Taunang Emisyon (libra/taon)	Antas ng Pangmatagalang Nag-uudyok[3] (libra/taon)	Nag-uudyok ng HRA?
Respirable Crystalline Silica PM_4	29	120	Hindi

Pangunahing Natuklasan ng CEQA

Baseline

Tulad ng tinalakay sa itaas, ang pasilidad ay nag-aangkat ng mas maraming buhangin at aggregate sa pamamagitan ng barge kaysa sa pinapayagan ng pahintulot nito. Pinapayagan ng Air District ang gawaing ito dahil kung ipagbabawal ito, maaaring gamitin ng CEMEX ang karapatan nitong magdala ng parehong dami ng buhangin at aggregate sa pamamagitan ng trak. Kaya, para maiwasan ang pagdami ng mga trak na pinapatakbo ng diesel na dumadaan sa mga kalye ng komunidad para magdala ng materyales sa pasilidad, pinapayagan ang CEMEX na lumampas sa mga limitasyon ng pahintulot para sa sistema ng conveyor para sa barge habang sumasailalim sa pagsusuri ng Air District ang aplikasyon.

[2] Tulad ng nabanggit, ang panregulasyong awtoridad ng Air District sa mga TAC ay limitado sa mga hindi gumagalaw na pinagmumulan, kaya hindi maisasama sa pagsusuring ito ang mga emisyon mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan. Isinasaalang-alang ang mga iyon sa IS/MND.

[3] Ang respirable crystalline silica ay walang oras-oras na threshold, tanging taunang threshold o antas ng pag-udyok lang. Bukod dito, sinusunod ng Air District ang gabay ng Tanggapan ng Pagtatasa ng Mga Panganib sa Kalusugan ng Kapaligiran (Office of Environmental Health Hazards Assessment, OEHHA) para sa mga antas ng pagkalason na ginagamit sa mga HRA. Hindi nagtatag ang OEHHA ng antas ng panganib sa kanser (cancer potency factor) para sa respirable crystalline silica. Samakatuwid, hindi maaaring masukat ang panganib sa kanser mula sa respirable crystalline silica, at magiging haka-haka lang ang anumang kalkulasyon.

Gayunpaman, ang baseline ng CEQA ay hindi kasama ang mga iniaangkat na lampas sa mga pinapahintulutang limitasyon. Ipinapakita nito kung ano ang magiging emisyon kung limitado sa 60,000 TPY ng buhangin at 0 TPY ng aggregate ang sistema ng conveyor para sa barge, ayon sa kasalukuyang pinahihintulutan. Dagdag pa, nakatuon ang pagsusuri ng CEQA sa pagbabago sa sistema ng conveyor para sa barge. Alinsunod dito, hindi nito isinasaalang-alang ang pagdagdag ng mga biyahe ng trak papunta sa pasilidad kung ang mga paghahatid ng barge ay limitado sa 60,000 TPY ng buhangin. Kaya, nagbibigay ito ng konserbatibong pagsusuri.

Ipinapakita ng IS/ND na ang Pagbabago ng Pahintulot ay hindi magreresulta sa anumang potensyal na malaking epekto. Ang resulta ng mga pagsusuri sa kalidad ng hangin ng IS/ND ay nakabuod sa ibaba.

Mga Emisyon sa Pagpapatakbo ngPollutant na may Itinakdang Mga Pamantayan

Ang Pagbabago ng Pahintulot ay hindi nangangailangan ng anumang konstruksyon, kaya walang magiging epekto na may kaugnayan sa konstruksyon. Tulad ng ipinapakita sa Talahanayan 5 at Talahanayan 6, ang mga Pagbabago sa Pahintulot ay magpapataas ng mga emisyon ng mga pollutant na may mga itinakdang pamantayan, pero ang mga pagtaas ay hindi lalampas sa mga threshold of significance ng CEQA na itinakda ng Air District. Kaya, hindi gaanong malaki ang mga epekto.

Talahanayan 5. Paghahambing ng Mga Emisyon ng Pollutant na may Itinakdang Pamantayan sa Proyekto sa Mga Taunang Threshold ng Air District

	Mga Pollutant sa Hangin na may Itinakdang Pamantayan (tonelada/taon)			
	VOC	**NO_X**	**PM_{10}**	**$PM_{2.5}$**
Kasalukuyang Baseline ng mga Emisyon batay sa Pahintulot	1	21	<1	1
Mga Emisyon ng Proyekto	2	27	2	2
Netong Pagbabago	**1**	**6**	**1**	**1**
Taunang Significance Threshold ng Air District	10	10	15	10
Lumalampas ba sa Significance Threshold?	**Hindi**	**Hindi**	**Hindi**	**Hindi**

Talahanayan 6. Paghahambing ng Mga Emisyon ng Pollutant na may Mga Itinakdang Pamantayan sa Proyekto sa Araw-araw na Average ng Mga Hangganan ng Air District

	Mga Pollutant sa Hangin na may Mga Itinakdang Pamantayan (libra/araw)[1]			
	VOC	**NO_X**	**PM_{10}**	**$PM_{2.5}$**
Kasalukuyang Baseline ng Mga Emisyon batay sa Pahintulot	6	160	3	4
Mga Emisyon ng Proyekto	10	209	8	6
Netong Pagbabago	**4**	**49**	**5**	**2**
Pang-araw-araw na Significance Threshold ng Air District	54	54	82	54
Lumalampas ba sa Significance Threshold?	**Hindi**	**Hindi**	**Hindi**	**Hindi**

Mga Epekto ng Panganib sa Kalusugan

Ang CEMEX ay matatagpuan sa loob ng Sona ng Pagkakalantad sa Pollutant sa Hangin (Air Pollutant Exposure Zone, APEZ) ng Lungsod ng San Francisco. Ang APEZ ay "tinukoy batay sa mga pamantayan sa pagprotekta ng kalusugan na isinasaalang-alang ang tinatayang panganib sa kanser, mga pagkakalantad sa fine particulate matter, kalapitan sa mga freeway, at mga lugar na partikular na may mga bulnerableng populasyon."[4] Dahil sa kasalukuyang pasanin sa polusyon at mga bulnerabilidad sa kalusugan na nararanasan ng mga komunidad sa loob ng APEZ, mas maraming mahahalagang pamantayan sa pagprotekta ng kalusugan ng CEQA para sa panganib sa kanser at konsentrasyon ng $PM_{2.5}$ ang inilalapat sa mga proyekto sa loob ng APEZ. Inilapat ng Draft IS/ND ang mga mas konserbatibong significance threshold na ito. Tulad ng ipinapakita sa Talahanayan 7 at Talahanayan 8, ang Pagbabago ng Pahintulot ay hindi magreresulta sa anumang potensyal na malaking panganib sa kalusugan sa mga residente man o sa o mga manggagawa sa malapit.

[4] San Francisco Planning, *Air Quality and Greenhouse Gas Analysis Guidelines*, p. 12 (2025).

Talahanayan 7. Mga Epekto ng Panganib sa Kalusugan sa Indibidwal na Residente na May Pinakamataas na Pagkakalantad (Maximally Exposed Individual Resident, MEIR)

	Panganib sa Kalusugan – MEIR		
	Panganib sa Kanser (bawat milyon)	**Pangmatagalang Panganib sa Kalusugan**	**$PM_{2.5}$ (µg/m³)**
Kasalukuyang Baseline ng Mga Emisyon batay sa Pahintulot	0.07	< 0.001	< 0.001
Mga Emisyon ng Proyekto	0.43	< 0.001	0.002
Netong Pagbabago	**0.36**	**<0.001**	**0.002**
Significance Threshold ng Air District	7	1.0	0.2
Lumalampas ba sa Significance Threshold?	**Hindi**	**Hindi**	**Hindi**

Talahanayan 8. Mga Epekto ng Panganib sa Kalusugan sa Indibidwal na Manggagawa na May Pinakamataas na Pagkakalantad (Maximally Exposed Individual Worker, MEIW)

	Panganib sa Kalusugan – MEIW		
	Panganib sa Kanser (bawat milyon)	**Pangmatagalang Panganib sa Kalusugan**	**$PM_{2.5}$ (µg/m³)**
Kasalukuyang Baseline ng Mga Emisyon batay sa Pahintulot	0.09	0.008	0.016
Mga Emisyon ng Proyekto	0.76	0.019	0.177
Netong Pagbabago	**0.67**	**0.011**	**0.161**
Significance Threshold ng Air District	7	1.0	0.2
Lumalampas ba sa Significance Threshold?	**Hindi**	**Hindi**	**Hindi**

Pampublikong Komento

Bukas ang Pampublikong Komento sa Draft IS/ND mula Pebrero 19 hanggang Marso 23, 2026 nang 5pm. Maaaring ipadala ang mga komento kay Simrun Dhoot, ang Supervising Engineer sa Kalidad ng Hangin, sa pamamagitan ng email sa cemex-ceqa-comments@baaqmd.gov o maaari kang mag-iwan ng voice message sa 415.749.8692.